

SAN MATEO COUNTY HEALTH SYSTEM
BEHAVIORAL HEALTH & RECOVERY SERVICES
MGA SERBISYO SA KALUSUGAN UKOL SA PAG-UUGALI
AT PAGGALING



Paggamit ng Cell Phone

Ibinabahagi ko sa iyo ang numero ng aking cell phone upang makipag-ugnayan sa iyo kapag wala ako sa opisina. Ipinapaliwanag ng dokumentong ito kung paano natin magagamit ang teleponong ito.

Ginagamit ko ang aking cellphone sa oras lamang ng trabaho at ito ay nakapatay kapag ako ay wala sa trabaho. Kung mag-iwan ka ng voicemail o text, masasagot ko ito pagbalik ko sa trabaho.

Maaari mong tawagan ang aking cell phone upang hingiin ang address ng isang nakaplanong appointment, o upang kumpirmahin o kanselahin ang iyong appointment.

Bilang paggalang sa bawat kliyente, hindi ko sasagutin ang aking telepono kapag ako ay nasa isa pang kliyente. Mangyaring mag-iwan ng mensahe.

Pananatilihin kong naka-update ang aking mga pagbati sa voicemail sa opisina at cell phone sa aking iskedyul sa trabaho at oras na wala ako. Kasama sa mga pagbati na ito ang impormasyon kung paano ka makakatanggap ng mga agarang tulong kung wala ako.

Ang mga text message ay para lamang sa pagsasaayos tulad ng pagkumpirma ng appointment. Napakahalaga ng iyong privacy sa akin at dahil hindi natutugunan ng mga text message ang mga pamantayan sa privacy, ang mga ito ay hindi maaaring may kasamang pribadong impormasyon ng kalusugan. Maaari mo akong i-text kung mayroon kang apurahang pangangailangan, ngunit mangyaring mag-iwan ng anumang klinikal na detalye sa isang voicemail o isang personal na pag-uusap.

Ang Aking Impormasyon para Makontak:

Pangalan: _____ Numero ng Telepono ng Opisina: _____

Numero ng Cell Phone sa Trabaho: _____

Front Desk ng Klinika: _____

Mga Pang-emerhensiyang Serbisyo sa Isip:

24 na Oras na Linya para sa Krisis: _____

Pirma ng Tauhan sa Klinika:

_____ Petsa: _____

Pirma ng Kliyente: _____ Petsa: _____